
# 16　Home helper

Ang gawain ng home helper (nursing visit) ay magpunta sa bahay ng taong maysakit, may kapansanan at may edad upang tumulong sa pagluluto, paglilinis, pagliligpit at pamimili (Home helping) Dahil sa tulong ng mga home helper maayos pa rin namumuhay sa kani-kanilang tahanan ang mga taong may kapansanan, lalo na kung ang taong may kapansansan ay isang dayuhan at hindi marunong magsalita ng Japanese. Ang home helper na nakakapagsalita ng ibang wika ay tiyak na makakaluwag sa loob ng mga dayuhang naninirahan.

## Para maging isang home helper




※kung may karanasan ng mahigit na 3 taon sa pagiging home helper, at nais kumuha ng kurso sa practical training,maaring ma-exempt sa pagsusulit. At sa oras na maipasa ang kursong ito ay maaring nang makakuha ng lisensya sa pagigiing home helper.

**＜Maagang preparasyon＞**

Para maging home helper, kailangan dumalo at makatanggap ng training seminar na ipinapaliwanag sa Japanese. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan , ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Karaniwan sa mga home helper ay nagtatrabaho sa mga social welfare center, medical center at civil care giver institution.　Ang average na suweldo nila ay 2,900,000 yen kada taon.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Kailangang dumalo sa mga home helper's training seminars na itinalaga ng gobyerno sa bawat prefecture at ito ay nagkakahalaga ng 70,000 yen. Ang seminar ay binubuo ng 130 oras na programa, at kailangan din ang practical training.　Sa huling araw ng seminar ay may magaganap na pagsusulit, paper test, para sa completion valuation na tatagal ng (1 oras) .